# PAG-USAPAN NATIN ANG TUNGKOL SA PAGPAPALAGLAG:

# MGA KADALASANG MGA KATANUNGAN

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, Opisina ng Kababaihang Pangkalusugan

**Ano ang Pagpapalaglag?**

Ang pagpapalaglag ay ang tinatapos ang kasalukuyang pagbubuntis. Kapag ng pagbubuntis ay likas na natapos ng natural, ito ay tinatawag na biglaang pagkalaglag o nakunan. Ang salitang pagpapalaglag ay karaniwang ginagamit para sa sapilitang pagpapalaglag, kung saan ang tao ay gumagawa ng aksyon para tapusin ang pagbubuntis.
Sa usapang ito, ang pinag-uusapan natin ay ang sapilitang pagpapalaglag.

**Ang Pagpapalaglag ba ay ligtas?**

Ang pagpapalaglag ay napakaligtas at napakakaraniwan. Ang mga panganib sa mga komplikasyon na nauugnay sa pagpapalaglag ay 14 na beses na mas mababa kaysa sa mga panganib na nauugnay sa pagdadala ng pagbubuntis hanggang sa termino.
Sa Amerika, tinatayang halos 18% ng pagbubuntis ay nagtataos sa pagpapalaglag.

**Naaayon ba sa batas ang pagpapalaglag sa California?**

Oo, ang pagpapalaglag ay naaayon sa batas. Sa katotohanan, ito ay isang pangunahing Karapatan sa Konstitusyon ng Estado ng of California.
Ang mga indibidwal ay maaaring magpalaglag sa California, hindi alintana ang kanilang edad, katayuan sa imigrasyon, o kung sila man ay naninirahan sa loob o labas ng estado.

**Ano ang iba ibang paraan para magpalaglag?**

Ang pagpapalaglag gamit ang medikasyon ay ang pagtatapos ng pagbubuntis gamit ang mga tabletang tinatawag na mifepristone at misoprostol. Ang mga tabletang ito ay pangkaraniwang iniinom sa labas ng mga medikal na opisina at pinapayagan na ang paglalaglag ay nangyayari ng paunti-unti. Ang aspirasyon na pagpapalaglag ay ang pagtatapos ng pagbubuntis kapag ang tagapagbigay ng pag-aalagang pangkalusugan ay tinanggal ang pagbubuntis mula sa matris. Ang ganitong klase ng pagpapalaglag ay nangyayari sa medikal na klinika.

County of Los Angeles Public Health

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng emerhensyang pagpigil sa pagbubuntis at mga tarheta sa pagpapalaglag (pagpapalaglag gamit ang medikasyon)?

Ang emerhensyang pagpigil sa pagbubuntis ay ginagamit pagkatapos mikapagtalik para mapigilan ang pagbubuntis na mangyari. Sa kabaligtaran, ang pagpapalaglag gamit ang medikasyon ay tumatapos sa kasalukuyang pagbubuntis.

Ang pagpapalaglag ba ay nakakapagpataas ng panganib na magkaroon ng kanser sa suso, o iba pang mga kanser?

Hindi, ang pagsasaliksik ay hindi nakakita ng ugnayan sa pagitan ng pagpapalaglag at ng kahit anong uri ng kanser.

Ang pagpapalaglag ba ay direktang nakakaapekto sa panghinaharap na pertilidad o panghinaharap na mga pagbubuntis?

Hindi, walang ebidensya na ang pagkakaroon ng pagpapalaglag ay makakabawas sa abilidad na mabuntis (pertilidad), pataasin ang panganib na makunan, o makasama sa hinaharap na mga pagbubuntis sa kahit anong paraan. The American College of Obstetrics at mga Gynecologist ay nirebisa ang mga ebidensya at walang nakitang ugnayan sa pagitan ng pagpapalaglag at pagbaba ng pertilidad o sa pagitan ng pagpapalaglag at mga isyu sa hiniharap na pagbubuntis.

Nagpakita ba na ang pagpapalaglag ay makakasama sa kaisipang pangkalusugan?

Hindi, ang pagkakaroon ng kagustuhang magpalaglag ay hindi nagsasanhi na makasama sa kaisipang pangkalusugan. Ang mga tao ay nakakaranas ng pagkaramdam katulad ng pagkalungkot o dalamhati pagkatapos ng pagpapalaglag, pero mas nakararami ang nakakaramdam ng ginhawa. Totoo ito para sa mga pagpapalaglag na nangyayari sa anumang oras habang nagbubuntis, pareho agad-agad pagkatapos at ilang mga taon sa hinaharap. Ang ibang tao ay maaari ring makaranas ng pakiramdam ng pagkakasala o paghatol tungkol sa pagpapalaglag dahil sa inaasahan ng pamilya, kultura, o relihiyon.

Paano ako makakapagpalaglag?

Mas marami pang impormasyon tungkol sa pagpapalaglag at mas kumpletong listahan ng mga serbisyo sa pagpapalaglag sa Los Angeles County at sa buong bansa na makikita sa website ng OWH na:

AbortionSafeHaven.LACounty.gov